

COMMISSIONER
National Commission for Culture and the Arts (NCCA),
in partnership with the Department of Foreign Affairs (DFA),
and the Office of Senate President Pro Tempore Loren Legarda

info@philartsvenicebiennale.net
philartsvenicebiennale.org
@philartsvenice



La Biennale di Venezia

60. Esposizione
Internazionale
d'Arte
Partecipazioni Nazionali

ARTIGLIERIE IN ARSENALE
VENICE, ITALY
20 APR — 24 NOV 2024


Sa kabila ng tabing lamang sa panahong ito

MARK SALVATUS
ARTIST

Waiting just behind the curtain of this age

PHILIPPINE
PAVILION

CARLOS QUIJON, JR.
CURATOR



LEGEND

- Kolorum*, 2024, fiberglass, used musical instruments, sound.
- Kung ang Makaginhawa ay Matingnan ng Ating mga Mata* (Should the Source of Fulfillment Be Seen with Our Eyes), 2024, 4K video, color, sound.
- Human Conditioned*, 2024, silkscreen print on textile.



LUMILIGID ANG HUNI NG IBONG LUMILIPAD-LIPAD. May biglang pagyanig: nagbabadya ang isang unos, o ang dagundong ng ugong ng makina ng eroplanong bumubulusok. Pinapakalma ng manipinis na telang tábing ang liwanag na pumapaligid sa pabelyon. Dinig ang paghingang pabuga, habang nagbabagong-himig sa instrumento tungong mataginting na ugong o pumipintig na tunog. Sa nakatuong tainga, mapakikinggan nito ang pakatal na tunog na likha ng mga nakapinid na labing nakadampi sa bibig ng instrumento, iba-iba ang lakas, at lumilikha ng musikang sumasalih sa hangin. Malalaking pormasyon ng bato ang makikita sa kabuoan ng tagpo: mga tuktok na naaaninag sa likod ng tábing, mga taluktok na pinalamutian ng mga instrumentong brass.

Ang *Sa kabila ng tabing lamang sa panahong ito / Waiting just behind the curtain of this age* ay isang solong pagtatanghal ng likha ni Mark Salvatus (b. 1980). Itong tanghalan ng mga tela, mga batong-ukit, at hubog-musika ay presentasyon ng engkuwentro sa Bundok Banahaw, mahiwagang bundok na may tatlong taluktok, at nasa hanggahan ng Laguna at Quezon, at Lucban, ang bayang sinilangan ng artist. Sa pusod ng pabelyon, may dokumentasyong video ng mga musikong bumabagtas sa bundok, bawat isa’y tangan ang kanilang piling instrumento. Bawat musiko’y nagsisimulang umaktong tumutugtog, lumilikha ng papintig na himig habang humihingang pabugá at sa pamamagitan ng kanilang nakapinid na mga labi, binabago-bago at inaangkop ang hugis ng bibig upang likhain ang himig na tulad ng kanilang tinutugtog na instrumento. At pagkaraa’y makikita ang mga instrumentong biglang nagiging lumútin at nakapulupot na sanga. Ang pabuga’t nanginginig na himig na likha ng bibig ng mga musiko ang nagiging musika, ang bagay na likás at ang kapaligiran, ito ang kanilang midyum.

Sa pamamagitan ng bagong kinomisyong likhang video, isang *mise-en-scène* ng kurtinang tela at malalaking batóng fiberglass, at muling pagbibigay-búhay sa dati nang likha, ginagalugad ni Salvatus ang etnoekolohiya ng Bundok Banahaw—kung paanong ang kaligirang higit sa mundo-ng-tao ay pumapaloob sa pagharaya sa kultura: mula sa kung paano inuunawa at kumikilos ang mga tao sa kapaligiran hanggang sa kung paanong ang pagsasaalang-alang sa kapaligiran ay magbibigay ng hugis sa kultural na pamumuhay. Para sa Pabelyon ng Filipinas, tinatanaw ni Salvatus ang pagiging pangunahin ng Bundok Banahaw sa kultural na pamumuhay ng Lucban, mula sa pag-aklas na may layuning hikayatin ang mga katutubong hanapin ang kanilang sariling espirital na paniniwala, ang kasaysayan ng mga bánda at musiko at ang kanilang papel sa panahong poskolonyal, isang sinematikong paglalarawan sa misteryo at ligaya, hanggang sa sariling pagtitipon, pagsasalba, at pagpapanibagong-búhay sa mga bagay na ginagawa ni Salvatus na nagbubunyag sa diwang politikal ng daigdig.

Ang pamagat ng pabelyon ay hango kay Apolinario de la Cruz (kilala bilang Hermano Puli) na tagapagtatag ng kapatirang panrelihiyon ng mga katutubo. Sa isang talumpati ng mga kasapi ng kapatiran habang hinihintay ang pagsugod ng hukbong Español at awtoridad ng simbahan, inihayag ni Puli na ang “mga di-inaasahang pangyayari” na magaganap “ay madarama ng mga mananamपालतया sa pamamagitan ng mga palatandaan.” Pinaalalahanan sila ni Puli na laging tumanaw sa “kabuluhan ng bawat panahon” at ang “Ang tagumpay [ay] nasa tabing lamang ng panahong ito (*Nasasa cabila nang tabing lamang sa Panahong yto*).” Dahil ang tema ng pabelyong “Sa kabila ng tábing lámang sa panahong ito” ay naghuhudyat ng magaganap sa hinaharap, ipinahihiwatig nito ang mahahalagang pagbabago, na para kay Puli, ay inaasahang isang kalagayang kontra-kolonyal o poskolonyal. Ang hiwaga ay nasa pag-asa at paghihintay, isang espasyong inaasahang may magaganap o pangakong matutupad.

Ang pabelyon ay pagtitipon ng katutubo at popular na mga kasaysayan na naglalarawan sa hugis ng kasalukuyang panahon sa mundong unti-unting umaahon mula sa pandemya. Hinahábi nito ang ginagawang saliksik ni Salvatus kaugnay ng katutubong mga salaysay hinggil sa Bundok Banahaw at sa Lucban, tinipon mula sa mga nasinop na mga dokumento at larawan ng mga pamilya, mga popular na materyales, at iba-ibang yugto ng kasaysayan at mga alamat. Sinuri ang iba-ibang pinagmulan ng diskurso hinggil sa panunumbalik ng mga milenaryang nakapisan sa Bundok Banahaw bilang “mistikong topos” o pangunahing paksa ng alamat: mula ekolohikong krisis; ang kosmiko at kosmolohikong aspekto ng búhay ng kakaiibang mga nilaláng sa daigdig; mga ideolohikong paghaharaya sa mga kilusang kontra-kolonyal; hanggang sa mga salaysay ng mga pagbabago sa mundo at kung paano ito nabibigyang-hugis sa haraya ng pamayanan at mundong ginagalawan ng mga musiko at lahat ng iba pang bahagi ng kultura na nakapisan sa Lucban, kabilang si Salvatus.

Ang *Sa kabila ng tabing lamang sa panahong ito / Waiting just behind the curtain of this age* ay nagtatanghal sa bisa ng tabing ni Puli: mula noon hanggang sa susunod na panahon, ang tábing ng ngayon ay isang planetaryong pag-uugnayan sa kabila ng layo ng distansiya sa isa’t isa; isang hangaring nariryan lagi’t hindi nawawala tungo sa anumang higit pa sa tao, sa sarili, sa banyaga; at isang simpatetikong esenograpiya na nagpaparanas sa atin sa ating mahiwagang mundo.

I TRILLI DEGLI UCCELLI CI SFIORANO. Un tremore improvviso annuncia l’arrivo di un temporale imminente, o il rombo meccanico del motore di un aereo che vola rasoterra. Tende di tessuto traslucido attutiscono la luce precipita nello spazio del padiglione. Il suono del respiro è distinguibile, mentre gli strumenti lo trasformano nella ricca densità del bordone od in suoni distaccati, brillanti e pulsanti. Un orecchio più attento percepirà l’increspatura delle labbra che vibrano, le intensità variabili degli strumenti a fiato, che creano musica nell’ambiente circostante. Gigantesche formazioni rocciose vengono dispiagate in questa scena: creste che fanno capolino dietro le tende, picchi ornati di strumenti in ottone.

Sa kabila ng tabing lamang sa panahong ito / Aspettando dietro il sipario di quest’epoca è una presentazione individuale del lavoro di Mark Salvatus (nato nel 1980). Questo teatro di tessuti, sculture in pietra e paesaggi sonori mette in scena un incontro con il Monte Banahaw, una montagna mistica a tre picchi nella foresta, situata al confine tra Laguna e Quezon e Lucban, città natale dell’artista. Nell’ombelico del padiglione, un video documenta i musicisti che attraversano la montagna, ciascuno accompagnato dalla scelta dello strumento. Ogni musicista inizia con un riverbero improvvisato di labbra, che si avvicina alla forma delle loro bocche e del suono che producono quando suonano i loro strumenti.

Poi vediamo ogni strumento trasformarsi improvvisamente in congegni di ramo muschioso ed in ramoscelli contorti. Le vibrazioni borbottanti della bocca di ogni musicista diventano musica, materia naturale e mezzo di espressione. Attraverso questo lavoro video appena commissionato, con una messa in scena di pannelli tessili e di massi in fibra di vetro ed una rielaborazione di un lavoro preesistente, Salvatus esplora le etnoecologie del Monte Banahaw—come il mondo circostante, più che quello umano, si interfaccia con quello le immaginazioni culturali: da come le persone percepiscono ed agiscono nell’ambiente al modo in cui le considerazioni ambientali modellano la vita culturale. Per il Padiglione delle Filippine, Salvatus prospetta la centralità del Monte Banahaw nella vita culturale di Lucban, da una rivoluzione che mirava ad incoraggiare la gente nativa a trovare il proprio modo vernacolare di discernimento religioso, ad una storia di bande musicali e di musicisti e del loro posto nella modernità regionale postcoloniale, un film di mistero e di gioia, di cui la pratica stessa di Salvatus di assemblaggio e di recupero fa risaltare uno spirito politico planetario.

La denominazione del padiglione è tratta da Apolinario de la Cruz (popolarmente noto come Hermano Puli), che fondò una confraternita religiosa per i nativi. In un discorso che radunava i membri della confraternita in previsione di uno scontro armato contro l’esercito spagnolo e le autorità ecclesiastiche, Puli ha dichiarato che gli “eventi improvvisi” che stavano per accadere “possono essere anticipati dai fedeli a mezzo di certi segnali.” Puli consigliava loro di discernere sempre il “significato dei i tempi” e che “la vittoria [è] proprio dietro il sipario di questa epoca (Nasasa cabila nang tabing lamang sa Panahong yto).” Come il messaggio tropico del padiglione, “Sa kabila ng tabing lamang sa panahong ito” indica imminenza. Allude ad una liminalità che, a sua volta, come da parafrasi di Puli, anticipa una condizione anticoloniale od addirittura postcoloniale. Il mistico si colloca nell’orizzonte affettivo dell’avvento e dell’anticipazione, uno spazio in cui qualcosa deve ancora avvenire, una promessa che deve ancora essere onorata.

Il padiglione e’ un assemblaggio di storie vernacolari e popolari, che tracciano i contorni della contemporaneità al culmine di un mondo post-pandemico. Intreccia insieme la continua ricerca di Salvatus sulle storie vernacolari del Monte Banahaw e Lucban, ricavate da archivi di famiglia, da materiali popolari e da diversi momenti storici e motivi mitici. Esamina diverse tipologie di discorsi sull’argomento del rinnovamento millenario, che convergono nel Monte Banahaw come topos mistico: dalle crisi ecologiche; dagli aspetti cosmici e cosmologici della vita extraterrestre; dalle immaginazioni ideologiche nei movimenti anticoloniali; ai resoconti della trasformazione e della riconfigurazione terrena e come questi siano incarnati nell’immaginazione della località e dei contesti di vita vernacolari di musicisti ed altri attori culturali con sede in Lucban, incluso lo stesso Salvatus.

Sa kabila ng tabing lamang sa panahong ito / Aspettando dietro il sipario di quest’epoca mette in risalto la potenza della tabulazione di Puli: attraverso ed oltre il sipario di questa epoca c’è un’affinità planetaria nonostante la distanza; un’intenzione inalienabile verso l’altro più-che-umano, l’alter, lo straniero; ed una scenografia empatica, che ci situa in questo mondo mistico condiviso.

BIRD TRILLS FLIT PAST US. A sudden tremor announces a thunderstorm’s imminent landfall, or the mechanical rumbling of an engine of a plane flying low overhead. Curtains of translucent textile calm the light that cascades into the space of the pavilion. The sound of breath is discernible as instruments transform it into the rich density of drone or bright staccatos of pulsing sound. A keener ear will hear pursed lips vibrating, varying intensities against instrument mouthpieces that create music in the ambient air. Gigantic stone formations stretch this scene: crests peeking behind curtains, peaks adorned with brass instruments.

Sa kabila ng tabing lamang sa panahong ito / Waiting just behind the curtain of this age is a solo presentation of the work of Mark Salvatus (b. 1980). This theater of textile, stone sculptures, and soundscape stages an encounter with Mt. Banahaw, a three-peaked forested mystical mountain located on the boundary between Laguna and Quezon, and Lucban, the artist’s hometown. In the navel of the pavilion, a video documents musicians traversing the mountain, each accompanied by their choice of instrument. Each musician starts with an improvisational reverberation of lips, approximating the shape of their mouths and the sound they make when playing their instruments. Then we see each instrument suddenly transform into contraptions of mossy branch and twisted twigs. The mumbling vibrations of each musician’s mouth become music, natural matter and milieu their medium.

Through this newly commissioned video work, a mise-en-scène of textile panels and fiberglass boulders, and a reworking of an existing work, Salvatus explores the ethno-ecologies of Mt. Banahaw—how the surrounding more-than-human world interfaces with cultural imaginations: from how people perceive and act on the environment to how environmental considerations shape cultural life. For the Philippine Pavilion, Salvatus prospects the centrality of Mt. Banahaw in the cultural life of Lucban, from a revolution that aimed to encourage the native folk to find their own vernacular way of religious discernment, a history of marching bands and musicians and their place in a postcolonial regional modernity, a film of mystery and joy, to Salvatus’s very own practice of assembly and salvaging that discloses a planetary political spirit.

The pavilion’s title is taken from Apolinario de la Cruz (popularly known as Hermano Puli) who founded a religious brotherhood for the natives. In a speech rallying the members of the brotherhood in anticipation of an armed confrontation against the Spanish military and ecclesiastical authorities, Puli declared that the “abrupt events” that were about to transpire “can be anticipated by the faithful through certain signs.” Puli advised them to always discern the “meaning of the times” and that “Victory [is] just behind the curtain of this age (Nasasa cabila nang tabing lamang sa Panahong yto).” As the pavilion’s titular trope, “Sa kabila ng tabing lamang sa panahong ito” signals imminence. It alludes to a liminality which, in Puli’s turn of phrase, anticipates an anticolonial or even postcolonial condition. The mystical is placed in the affective horizon of advent and anticipation, a space wherein something is yet to take place, a promise is yet to be fulfilled.

The pavilion is an assemblage of vernacular and popular histories that sketches out the contours of the contemporary at the cusp of a post-pandemic world. It weaves together Salvatus’s ongoing research on the vernacular histories of Mt. Banahaw and Lucban, convened from family archives, popular materials, and different historical moments and mythical motifs. It looks at several trajectories of discourses on millenarian renewal that converge in Mt. Banahaw as mystical topos: from ecological crises; the cosmic and cosmological aspects of extraterrestrial life; ideological imaginations in anti-colonial movements; to accounts of earthly transformation and reconfiguration and how these are embodied in imaginations of locality and the vernacular lifeworlds of musicians and other cultural actors based in Lucban, including Salvatus himself.

Sa kabila ng tabing lamang sa panahong ito / Waiting just behind the curtain of this age plays out the potency of Puli’s *tabing*: through and beyond the curtain of this age is a planetary kinship despite distance; an inalienable intention toward the more-than-human other, the alter, the foreign; and a sympathetic scenography that situates us in this shared mystical world.

